

TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA SAKSI NI JEHOVA SA PILIPINAS

Quezon City
Pilipinas



TULOY PO KAYOI!



“HUMAYO KAYO AT GUMAWA NG MGA ALAGAD”

MATEO 28:19

Ang sangay sa Pilipinas ang sumusuporta sa gawain ng mahigit 215,000 mamamahayag.

Ano ang Ginagawa ng Tanggapang Pansangay?

Sa mahigit 230 lupain, isinasagawa ng mahigit walong milyong Saksi ni Jehova ang utos na ibinigay ni Jesus sa kaniyang mga tagasunod —ipangaral ang mabuting balita ng Kaharian ng Diyos. (Mateo 24:14; 28:19, 20) Para maorganisa ang gawaing ito, may mga 90 tanggapang pansangay sa buong daigdig, na nasa ilalim ng pangangasiwa ng Lupong Tagapamahala ng mga Saksi ni Jehova, sa Warwick, New York, U.S.A.

Ang mga tanggapang pansangay ang nag-oorganisa sa gawaing pangangaral ng Kaharian at nag-aasikaso sa pangangailangan ng mga Saksi ni Jehova sa espesipikong lugar. Ang Lupong Tagapamahala ang humihirang ng may-gulang na mga elder para maglingkod bilang mga miyembro ng Komite ng Sangay. Bilang mga kinatawan ng Lupong Tagapamahala sa kanilang nakaatas na teritoryo, matapat na sinusunod ng mga miyembro ng Komite ng Sangay ang tagubilin mula sa Salita ng Diyos at sa “tapat at matalinong alipin.”—Mateo 24:45-47.

MGA LUPAIN KUNG SAAN IPINAPADALA ANG MGA MISIONERONG PILIPINO:

- HONG KONG
- INDONESIA
- MICRONESIA
- MYANMAR
- PAPUA NEW GUINEA
- SOUTH KOREA
- TAIWAN
- THAILAND



Pagpapalano para sa panrehiyong kombensiyon



Pagbibigay ng makakasulatag tagubilin para sa mga kongregasyon



Kinatawan ng HID na nagbabahagi ng impormasyon sa doktor



Disaster Relief Desk

PANGANGASIWA SA GAWAIN

Ang tanggapang pansangay ang nangangasiwa sa gawain ng mga Saksi ni Jehova sa Pilipinas sa iba't ibang paraan.

Ang Service Department ang nag-aasikaso sa gawaing pangangaral at nagbibigay ng makakasulatag patnubay may kinalaman sa gawain ng kongregasyon. Isinasaaayos din nito ang mga kombensiyon, asamblea, at mga teokratikong paaralan. Bukod diyan, ang Service Department ang nagsasaayos sa teritoryo ng kongregasyon at nagpapasiya kung saan nangangailangan ng mga Kingdom Hall at Assembly Hall.

Kapag may medical emergency, ang tanggapang pansangay ay maibiging tumutulong at nagbibigay ng tagubilin sa pamamagitan ng Hospital Information Department (HID). Tumutulong ito sa mga Saksi ni Jehova na makakuha ng mahusay na paggamot nang walang pagsasalin ng dugo at sinisikap nito na magkaroon ng magandang ugnayan ang mga doktor at ang kanilang mga pasyenteng Saksi.

Ang sangay ay nagbibigay rin ng tagubilin at tulong kapag may sakuna. Kumikilos agad ang lokal na tanggapang pansangay sa pamamagitan ng pagbibigay ng pangangailangan at pinansiyal na tulong sa mga biktima.



MGA PASILIDAD SA TERITORYONG PINANGANGASIWAAN NG SANGAY SA PILIPINAS

- 2,244 NA KINGDOM HALL
- 4 NA ASSEMBLY HALL
- 5 REMOTE TRANSLATION OFFICE
- 1 PASILIDAD SA PAG-AARAL

PAGTATAYO AT PAGMAMANTINI

Pagtatayo ng mga Bahay ng Pagsamba

Ang tanggapang pansangay ang may pananagutan sa pag-aaproba at pangangasiwa sa pagtatayo ng mga Kingdom Hall at Assembly Hall at sa pagtiyak na tamang namamantini ang mga gusaling naitayo na. Ang pagtatayo ay inoorganisa sa pamamagitan ng Local Design/Construction Department (LDC). Ang LDC ang gumagawa ng mga architectural plan at nakikipagtulungan sa mga field representative sa pag-iiskedyul ng mga proyekto. Dahil sa tulong ng mga boluntaryo para sa pagtatayo at pagmamantini ng mga pasilidad, ang mga gusaling naitatayo ay matipid, praktikal, at komportable.

Matalinong Paggamit ng mga Donasyon

Para makinabang nang husto sa naitayo nang mga pasilidad, isinaayos ng LDC na regular na inspeksiyunin ang mga Kingdom Hall. Tumutulong ito para matiyak na naaasikaso agad ang anumang problema tungkol sa safety o pagmamantini. Ang LDC ay nagbibigay rin sa mga kongregasyon ng pagsasanay para sa pagmamantini.





Remote translation office—Bicol

PAGSASALIN

Mga Salitang Tumatagos sa Puso

Ang mga katotohanan sa Bibliya ay kadalasan nang mas mabilis tumagos sa puso kapag nababasa ng mga tao sa sarili nilang wika ang mga literaturang salig sa Bibliya. Kaya kapag kailangang isalin ang mga publikasyon sa iba pang mga wika, inirerekomenda ito ng mga tanggapang pansangay sa Lupong Tagapamahala.

Sa Translation Department, isinasalin ng mga kapatid ang mga materyal para sa mga pulong, kombensiyon, iba't ibang paaralan, at sa ating website na jw.org[®]. Ang departamento ring ito ang nangangasiwa sa paggawa ng mga video para sa sign language.

Mayroon ding audio recording ng mga publikasyon sa 16 na lokal na wika.

Remote Translation Office

Ang sangay sa Pilipinas ang nangangasiwa sa limang remote translation office (RTO) na nasa teritoryo nito. Karaniwan nang malapit ang mga RTO sa mga komunidad kung saan sinasalita ang wikang isinasalin. Tumutulong ito sa mga tagapagsalin na maging mas pamilyar sa wikang isinasalin nila habang nanganaral sila, dumadalo sa mga Kristiyanong pagpupulong, at gumagawa ng pang-araw-araw na gawain.

MGA RTO SA TERITORYONG PINANGANGASIWAAN NG SANGAY SA PILIPINAS

- BACOLOD (Hiligaynon)
- NAGA (Bicol)
- SAN CARLOS (Pangasinan)
- TACLOBAN (Waray-Waray)
- TUGUEGARAO (Ibanag)





LITERATURA AT SHIPPING

Ang mga request para sa literatura at magasin ng mga 3,400 kongregasyon sa Pilipinas ay pinoproceso buwan-buwan. Ipinapadala sa Pilipinas ang ni-request na mga literatura mula sa sangay ng Japan. Inihahanda ng Shipping Department ang lahat ng kinakailangang dokumento para makapasok sa bansa ang mga literaturang salig sa Bibliya. Bukod diyan, inaayos din ng departamentong ito ang pagde-deliver ng mga literatura sa mga kongregasyon sa buong bansa.





MGA PASILIDAD SA TERITORYONG PINANGANGASIWAAN NG ASIA/PACIFIC REGION

- 19 NA SANGAY
- MAHIGIT 50 BANSA
- MAHIGIT 60 REMOTE TRANSLATION OFFICE
- MAHIGIT 5,800 KINGDOM HALL

ASIA/PACIFIC DESIGN AND CONSTRUCTION

Ang Regional Design/Construction Department para sa Asia/Pacific ay isa sa apat na regional office. Pinangangasiwaan ng tatlong iba pa ang Amerika, Aprika, at Europa. Ang departamentong ito ay nagsisilbing extension ng Worldwide Design/Construction Department na nasa punong-tanggapan.

Ang regional department na ito ang tumutulong sa mga sangay sa pagtatayo ng Kingdom Hall, Assembly Hall, at pasilidad ng mga sangay, pati na sa pagbili at pagbebenta ng mga property. Tumutulong din ang departamentong ito sa pagpaplano, pagdidisenyo, pagtaya ng gastusin, pagbili, at pagsasanay kapag may proyekto sa pagtatayo at renovation.

Ito rin ang tumutulong sa mga sangay na bumuo ng mga maintenance program para sa kanilang mga gusali.



SUPPORT SERVICES

Ang tanggapang pansangay sa Pilipinas ay tumatakbo dahil sa maraming masisipag na boluntaryong nagtatrabaho sa support services. Ang ilan ay naglilingkod bilang kusinero at waiter, mananahi, hairdresser, hardinero, at drayber; ang iba naman ay nagtatrabaho sa laundry, housekeeping, at cleaning. Ang ilan naman ay tubero, elektrisyen, mekaniko, at computer specialist. Pero anumang atas ang tinatanggap namin, kagalakan naming makapaglingkod sa Diyos na Jehova at sa aming mga kapatid dahil sa pag-ibig.

Salamat sa Inyong Pagbisita!

Lubos kaming umaasa na nasiyahan kayo sa inyong pagbisita sa tanggapang pansangay sa Pilipinas. Tiyak na nakatulong ito para higit kayong maging pamilyar sa mga ginagawa namin para sa pangangaral ng mabuting balita tungkol sa Kaharian ng Diyos. Sana'y napatibay kayo ng inyong pagbisita sa amin na kilalanin pa ang ating mapagmahal na Maylalang at patuloy na unahin ang Kaharian ng Diyos sa inyong buhay. —Mateo 6:33.



Gusto mo bang malaman pa nang higit ang tungkol sa gawain sa Bethel at kung paano mo ito masusuportahan? Tingnan ang aralin 21 at 22 ng brosyur na *Sino ang Gumagawa ng Kalooban ni Jehova Ngayon?*

Plano Mo Bang Bumisita?

May tour mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 11:00 a.m. at 1:00 p.m. hanggang 4:00 p.m. Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa:

JW.ORG > TUNGKOL SA AMIN > TANGGAPAN AT TOUR



Tanggapang Pansangay ng mga Saksi ni Jehova sa Pilipinas
P.O. Box 2044, 1060 Manila, Philippines

© 2019 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania
Printed in Japan

